Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 213-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MULING MAGALANG NA HUMIHILING SA LAND TRANSPORTATION FRANCHISING AND REGULATORY BOARD (LTFRB), SA PAMAMAGITAN NI ATTY. MARTIN B. DELGRA III (CHAIRMAN NG LTFRB), NA MAPASAMA NA SA LISTAHAN NG BINIBIGYANG PAHINTULOT NA MAKABIYAHE ANG MGA UV EXPRESS NA MAGMUMULA SA LUNGSOD NG MALOLOS SA GITNA NG UMIIRAL NA COMMUNITY QUARANTINE.

AKDA NI: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS

SAPAGKAT, noong ika-16 ng Marso, 2020 ay nagsimulang isailalim ang Luzon sa Enhanced Community Quarantine dulot ng pagkalat ng pandemyang COVID-19 kung saan ay kasama sa mga ipinagbabawal ang pagbyahe ng lahat ng uri ng pampublikong transportasyon;

SAPAGKAT, kahit sa kasalukuyan ay nasa ilalim na ng Modified General Community Quarantine ang Lungsod ng Malolos ay malaki pa rin ang bilang ng mga kababayan nating lubhang naaapektuhan;

SAPAGKAT, kamakailan lang ay naglabas ng pahayag ang Land Transportation and Regulatory Board (LTFRB) kung saan ay pinapayagan nang bumiyahe ang mga UV Express sa iba't-ibang ruta papasok at palabas ng National Capital Region (NCR) simula 29 Hunyo 2020 alinsunod sa mga patakarang pangkalusugan na ipinatutupad sa LTFRB Memorandum Circular No. 2020-025;

SAPAGKAT, bagama't malaki ang pangangailangan sa ganitong uri ng transportasyon ng mga mananakay mula sa Lungsod ng Malolos ay hindi pa rin napapasama sa listahang inilabas ang mga UV Expess na may biyaheng Malolos patungo sa iba't-ibang terminal sa kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, kahit na may mga bumabiyaheng Point to Point (P2P) Buses sa kasalukuyan, palabas at papasok ng Lungsod ay malaki pa rin ang kakulangan sa pangangailangan ng pampublikong transportasyongaya ng pinatutunayan ng mga nakalakip na larawan;

SAPAGKAT, mahigit anim buwan na ring walang hanapbuhay ang may humigit-kumulang pitumpung (70) UV Express drivers na may mga lehitimong prangkisa, upang makabiyahe mula sa Lungsod ng Malolos at ilang terminal sa kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, batay na rin sa No. 2, Letter B ng LTFRB Memorandum Circular 2020-025, bukas ang LTFRB sa pagpapahintulot ng karagdarang mga ruta ng UV Express batay sa pangangailangan nito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, noong 29 Hunyo, 2020 ay nakapagpapasa na ng parehong Kapasiyahan ang Sangguniang ito at noong 08 Hulyo, 2020 ay nakapagpadala na sa pamamagitan ng LBC ng kopya nito sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board bagamat wala pang tugon hanggang sa kasalukuyan;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na muling hilingin sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), sa pamamagitan ni Atty. Martin B. Delgra III (Chairman ng LTFRB), na mapasama na sa listahan ng binibigyang pahintulot na makabiyahe ang mga UV Express na magmumula sa Lungsod ng Malolos sa gitna ng umiiral na Community Quarantine.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020